**Introduksyon**

"*Existence precedes essence*" ito ang inihayag ni Jean Paul Sartre, isa sa mga *proponent* ng dulog eksistensyalismo. Naniniwala siyang kaya nabuhay ang tao upang makita ang kanyang kakanyahan. Ang kakanyahang ito ay ang pansariling pagpapasya (*choice*), pansariling kalayaan (*freedom*) at ang pansariling pagkakakilanlan bilang isang tao (*individual existence*). Ang pinakamahalagang batayan nito ay ang katotohanang ang isang tao ay malayang kumilos at may sariling kamalayan. Tinitingnan rito ang pagiging tao ng isang tao- hindi sa kung paano ito mag-isip kundi sa kung paano ito kumilos at kung ano ang isinasaloob nito. Dagdag pa rito, ang isang tao, sa pamamagitan ng kanyang sariling kamalayan, makalilikha ng kanyang pansariling kahalagahan at matukoy ang kahulugan ng kanyang buhay. Sinasang-ayunan ito ng pahayag ni Soren Kierkegaard na ang tao ang siyang may pananagutan sa pagbigay kahulugan sa kanyang buhay.

Sa kontekstong ito, binibigyang kahulugan ng isang tao ang kanyang sarili sa dalawang pamamaraan (1) binibigyang turing ang kanyang gawi at (2) siya ang may pananagutan sa kanyang mga ikinikilos. Kung ano ang kilos na kanyang ginawa ang siyang magpapatunay ng kanyang pagkatao. Siya ay natatangi at may kalayaan. Malayang harapin ang kanyang kapalaran. Ang kanyang pasya ay siya lamang ang gagawa at ito'y naaayon sa kung ano ang pinaniniwalaan niyang tama. Walang pangkalahatang tuntuning dapat niyang sundin sa paggawa nito.

Ayon kay Satre sa kanyang aklat na *Existentialism is Humanism*, "*.. a man first of all exist, encounters himself, surges up in the world- and defines himself afterwards*". Ibig sabihin nito na nabuhay muna ang tao bago niya hinanap ang kanyang kabuluhan o kakanyahan. Salungat naman ito sa pahayag ni Plato, sapagkat sinasabi niyang "*essence precedes existence"* o may kadahilanan kaya ka nabuhay. Sa madaling salita, may layunin tayo dito sa mundong ito kung kaya't tayo ay nabuhay.

Ang pagkabuhay (*existence*) ayon kay Heidegger ay hindi maaaring iugnay sa pagkatao (*being*) maliban na lang kung mananatili ito sa gitna ng kawalan (*nothingness*). Sa ibang salita, walang kinalaman ang pagkabuhay ng isang tao sa kung anuman ang kanyang magiging pagkatao.

Sa panitikan, naging batayan ang eksistensyalismong kaisipan sa paggawa ng mga panitik. Nasambit pa nga ni Peter Rickman ang tanong na: "*Why did existentialism resort to literary expression?*". Bilang tugon rito, inilahad ni Karen Bernardo sa kanyang komentaryo patungkol sa eksistensyalismong pagdulog ang mga dahilan kung bakit naging batayan ito sa paggawa ng panitik. Ayon sa kanya ang eksistensyalismo ay nakasentro sa buhay ng pangunahing tauhan at sa suliranin nito. Sa dulog na ito rin sinasabing nakatuon ito sa pagkatangi ng isang tao (*uniqueness of individuals*). Binibigyang-diin rito ang paggawa ng pansariling pasya at paghahanap ng isang tao sa kanyang sariling kapakanan.

Ang dulog na ito ay nakabatay sa kung ano ang katuturan ng pagiging tao at kung paano mauunawaan ang pagkatao ng isang tao. Bibigyang-pokus ang pag-unawa sa tunay na nangyayari sa pangunahing tauhan. Sa pamamagitan ng dayalogo/ salitaan, makikinita ang persepyon sa mundo ng pangunahing tauhan, ang kanyang hinuha at paraan sa pagharap sa kanyang suliranin.

Hinihikayat ng pagdulog na ito na ang manunuri ay maging totoo patungkol sa kanyang limitasyon na makatutulong sa pagkilatis sa mga posibilidad. Sa pagbabalik-tanaw sa hinuha patungkol sa sarili, sa iba, at sa mundong ginagalawan, makalilikha ng mga posibilidad sa pagtanaw sa mga bagong oportunidad na maaaring hindi binigyang halaga at ipinagwalang-bahala na lamang. Layon nitong matanggap ng isang tao na ang buhay ay kinapapalooban ng mga kamunduhan at pasakit, kaligayahan at kalungkutan, tagumpay at kabiguan, kabutihan at kasamaan. Sinusubukan nitong bigyang kalutasan ang suliranin sa pamamagitan ng pagtanggap sa kahinaan at kalakasan maging sa mga bagay na gusto at hindi gusto.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang suriin ang kwentong “Di Mo Masilip ang Langit” na ginamitan ng dulog eksistensyalismo. Pinagsikapang masagot ng manunuri ang mga sumusunod nakatanungan:

1. Ano ang naging gawi ng pangunahing tauhan sa pagharap sa kanyang suliranin?
2. Ano-anong damdamin ang ipinamalas ng pangunahing tauhan?
3. Paano hinarap ng pangunahing tauhan ang kanyang naging kapalaran?

## Pagsusuri

Sa bahaging ito, susuriin ng manunuri ang kwentong **Di Mo Masilip ang Langit** sa eksistensyalismong pananalig. Tinatalakay dito ang mga katugunan sa mga sumusunod na katanungan:

**1. <u>Ano ang naging gawi ng pangunahing tauhan sa pagharap sa kanyang suliranin?</u>**

### Pagsunog sa Ospital

Ang naging gawi ng pangunahing tauhan sa pagharap sa kanyang suliranin ay ang pagsunog sa ospital. Sa una'y hindi niya alam kung bakit siya pupunta sa ospital. Narito ang kanyang pahayag:

> Hindi na malinaw ngayon sa isip ko kung bakit nagpunta ako no'n sa ospital. Siguro'y senglot lang ako sa nainom kong markademonyo. Siguro'y no'n ko naisip na magbayad ng kulang ko – ng utang ko. Siguro'y gusto kong ipakilala sa ospital na kahit na 'ko hirap sa buhay e me konti ako ng tinatawag na dignidad at nakakakilala ako ng masama't mabuti at marunong akong magbayad ng utang ko – kahit sa kanila na pumatay sa sanggol ko. Ewan ko. Ano't anuman, pare, nagpunta ako sa ospital.

Sa pahayag sa itaas, hindi malinaw para sa pangunahing tauhan kung ano ang dahilan sa kung bakit siya pupunta sa ospital. Ngunit sa kanyang sumunod na naging pahayag, pinapatunayan nitong dala ng bugso ng kanyang damdamin nagawa nga niyang sunugin ang ospital. Alam niyang mali ang kanyang gagawin ngunit pinagpatuloy pa rin niya ito. Narito ang kanyang pahayag.

> Nabuwang na ‘ko, pare. Naalala ko ang batang inilibing ko at ang waswas kong nakatulala sa bahay at ang pangyayaring sa mga susunod na araw e maaaring wala na kaming kakanin. Naramdaman kong gusto kong manira, pare. Gusto kong sirain, wasakin ang bilding na ‘yon na lagi kong ipinagmamalaking isa ‘ko sa mga gumawa.

Kung susuriing mabuti ang kanyang naging pahayag, hindi malinaw sa pangunahing tauhan ano nga ba ang kanyang dahilan kung bakit niya iyon ginawa. Ayon nga sa mga eksistensyalista, ang mga kadahilanan ay hindi sapat sapagkat ito ay may hangganan. Ang katwiran ang siyang humahadlang sa isang taong gawin ang isang bagay. Kung kaya’t hindi na inalam ng pangunahing tauhan kung anuman ang dahilan kundi ginawa na niya ito mismo.

**2. Ano-anong damdamin ang ipinamalas ng pangunahing tauhan?**

**Paglinlang sa Sarili**

Nailahad ng pangunahing tauhan na naaawa siya sa kanyang asawa ngunit itinatago niya ito sapagkat ayaw niyang mas makitang malungkot ito. Nagbiro pa nga ito nang sa ganun ay maibsan kahit sandali ang lungkot nito. Narito ang kanyang pahayag:

> Naawa siguro sa’kin. Matagal nang ito ang haybol ko at bibilang pa ng maraming taon na ito ang haybol ko. Sabi ko naman, ayaw ka ba n’on, konkreto ang bahay ko at ginugwardiyahan pa ng les-pu? Nagpapatawa lang ako, pare, pero lungkot din ako. Sabik na ‘ko sa laya, pare. Naaawa rin ako sa waswas ko na din na di ko alam kung pa’no talaga nabubuhay ngayong narito ‘ko sa ob-lo”.

Sa pahayag sa itaas, malalaman nating pilit na ikinukubli ng pangunahing tauhan ang kanyang tunay na nararamdaman. Inilahad rito ang tinatawag na

"*self-deception*". Tumutukoy ito sa panlilinlang sa sarili upang iwaglit ang tunay na damdaming bumubagabag rito.

Narito pa ang isa pang pahayag na nagpapakita ng paglinlang niya sa sarili:

> Inalo ko na lang ang waswas ko, pare. Nagpatawa pa 'ko. Sabi ko'y gagawa uli kami ng beybi. Gagabi-gabihin namin, sabi ko. Pero ngitngit ako, pare.

Dito makikita nating pilit pa ring ikinukubli ng pangunahing tauhan ang kanyang totoong damdamin sa pamamagitan pa rin ng pagbibiro. Kahit pa sinabi niya sa huli niyang pahayag na nangngingitngit ito, ngunit hindi naman niya ito masabi-sabi sa asawa.

Sa pahayag naman sa ibaba, ipinakita rin rito ang paglinlang sa sarili ng pangunahing tauhan. Hindi niya nais makaramdam ng pagkaawa sa kanyang sarili. Ito ay ayon na rin sa kanyang paniniwalang kapag nakaramdam siya ng awa sa kanyang sarili, makakaramdam naman siya ng poot sa iba. Narito ang bahagi ng kanyang pahayag:

> Ayokong maawa sa sarili, pare. Hindi raw dapat sa tao 'yang maawa sa sarili dahil pag naawa ka sa sarili mo e maiinggit at mamumuhi ka naman sa iba, hindi raw dapat.

**Pagdadalamhati**

Sinabi ng pangunahing tauhan na kahit pilit niyang ikinukubli ang kanyang tunay na nararamdaman ay nakakaramdam rin siya ng sakit. Lalong lalo na nang

makita niya ang kanyang asawang umiiyak. Ramdam na ramdam niya ang sakit na pinagdaraanan nito. Narito ang kanyang pahayag:

> Pero nang gabing 'yong nakaburol ang anak ko at patulo nang patulo ng luha ang waswas ko e gano'n ang nararamdaman ko.

Mahihinuha natin sa kanyang pahayag na siya'y tao lang na nakakaramdam rin ng pighati. Pinapakita nito na ang pangunahing tauhan ay nasa bahagi ng pagdadalamhati (*anguish*). Ipinahayag ng mga eksistensyalista na kung inilaan ng isang tao ang kanyang sarili sa isang bagay, ganap niyang napagtanto na anuman ang kanyang gagawin ay hindi siya maaaring kumawala sa katotohanang may pananagutan siya rito. Sa madaling salita, nakaramdam ng pagdadalamhati ang pangunahing tauhan sapagkat alam niyang may pananagutan rin siya mga nangyari. Wala kasi siya nung panahong manganganak na ang kanyang asawa. Ang naabutan na lamang niya ay patay na ang kanyang anak. Narito pa ang isa pa niyang pahayag:

> Para akong mabubuwang, pare. Ang nanay niya'y ayaw ring magsalita at mahirap namang kausapin dahil medyo engot nga at mahina pa ang tenga. Lumabas ako, pare. Nagpunta ako sa daanan ng sasakyan na me tindahang nagbibili ng alak at pumasok ako at nagbuwal ng 'sang bilog.

**The Other/The Look**

Nakaramdam naman ang pangunahing tauhan ng kakaiba. Parang may bumubulong sa kanya na gawin ang anuman ang kanyang naiisip. Narito ang kanyang naging pahayag:

> Hindi na malinaw ngayon sa isip ko kung bakit nagpunta aako no'n sa ospital. Siguro'y senglot lang ako sa nainom kong markademonyo. Siguro'y no'n ko naisip na magbayad ng kulang ko – ng utang ko. Siguro'y gusto kong ipakilala sa ospital na kahit na 'ko hirap sa buhay e me konti ako ng tinatawag na dignidad at nakakakilala ako ng masama't mabuti at marunong akong magbayad ng utang ko – kahit sa kanila na pumatay sa sanggol ko. Ewan ko. Ano't anuman, pare, nagpunta ako sa ospital.

Ipinakita rito na ang pangunahing tauhan ay nakaramdam ng kakaiba. Ito ang tinatawag na "*The Other*", na nangangahulugang ang isang tao ay nakararanas ng iba pang tao at nararanasan nito ang mundo (kagaya ng nararanasan ng tao). Sa ibang salita, kapag nakaramdam ng ganito ang isang tao nakakaranas siya ng matinding pagsasarili. Isa pang katawagan rito ay "*The Look*", ibig sabihin nito ay ang isang tao ay nakararanas ng iba pang tao ngunit ang taong ito ay kumikilos ayon na rin sa kanyang mga ikinikilos. Nagsisilbi itong limitasyon sa kalayaan ng isang tao. Ito ay dahil binibigyang layon ng "*the look*" kung anuman ang kanyang nakikita.

**Pagpapalayo ng Damdamin**

Ipinakita naman sa kasunod na pahayag ang tinatawag ng mga eksistensyalista na "*alienation*" na nangangahulugang pagpapalayo ng damdamin. Narito ang kanyang pahayag:

> Yosi pa, pare? Nadadalhan pa 'ko ng yosi ng waswas ko. Ewan ko kung sa'n siya kumuha ng ibinili nito. Naghahanap-buhay daw siya kahit pa'no pero di ako nagtatanong kung anong hanapbuhay 'yon. Wala siyang alam na trabaho, pare. Paris ko rin siyang bopol. Baka masasaktan lang ang loob ko kung malalaman ko kung anong hanapbuhay 'yon. Kaya di ako nagtatanong.

Pinatutunayan nitong inilalayo ng pangunahing tauhan ang kanyang sarili sa asawa. Nais niyang huwag ng malaman kung ano ang trabaho nito nang sa ganun hindi na siya masaktan pa.

**Walang Kabuluhan**

Sa mga sumunod pa niyang pahayag, inilahad nito na nawalan na siya ng pag-asa at tiwala sa Diyos. Narito ang kanyang pahayag:

> Ni hindi mo naman masilip ang langit sa labas para mahulaan mo, sa ayos ng mga bituin, kung anong oras na nga. Wala kang masisilip dito kundi pader at rehas. Ewan ko naman kung me langit nga sa labas.

Dito inilahad ng pangunahing tauhan ang tinatawag ng mga eksistensyalista na “*absurd*”, na nangangahulugang walang kabuluhan ang mundo liban na lamang kung ang tao mismo ang magbibigay kabuluhan nito. Iniisip ng pangunahing tauhan na ang lahat ay walang kabuluhan kung kaya’t anuman ang nakikita ay hindi tunay. Hindi na siya naniniwalang may langit dahil na rin sa hindi niya ito nakikita ng literal.

**Pagpapabaya**

Nakaramdam rin siya ng pagpapabaya (*abandonment*) mula sa Diyos. Narito ang kanyang pahayag:

> Hindi na ako bilib sa langit, pare. Matagal na ‘kong kinalimutan ng Diyos.

Ipinaliwanag ni Heidegger na ang pagkaramdam ng pagpapabaya ay nangangahulugang naniniwala siya sa pahayag na ito, "*God does not exist*". Ibig sabihin pakiramdam ng pangunahing tauhan na pinabayaan siya ng Diyos kung kaya't hindi na siya naniniwalang mayroon ngang Diyos. Dagdag pa rito, naihayag ng mga guro sa France noong 1880 na "*Ang Diyos ay inutil at isang kathang-isip lamang".* Pinabulaanan naman ito ng mga eksistensyalista at inilahad nila na "*Not that we believe God does not exist, but we think that the real problem is not that of His existence; what man needs is to find himself again and to understand that nothing can save him from himself, not even a valid proof of the existence of God"*. Sinang-ayunan ng iba pang taga France ang pahayag ng mga eksistensyalista at nagpahayag na totoo man o hindi na may Diyos, wala pa ring magbabago.

**Kawalang Pag-asa**

Nakaramdam rin ang pangunahing tauhan ng kawalang pag-asa (*despair)* na makikita sa kanyang pahayag sa itaas. Kawalang pag-asang makakalaya pa ito. Inihayag naman ni Sartre na ang pagkaramdam ng kawalang pag-asa ay isang "*universal human condition*", ibig sabihin nito, lahat tayo nakararamdam nito.

Sinasang-ayunan nito ang pahayag ni Nietzsche na "*Happiness and unhappiness are twins that grow up together*". Sa madaling salita, laging may

kalungkutan pagkatapos ng kaligayahan. Nakararanas ang lahat ng tao ng pighati at sakit dahil na rin sa naranasan nitong saya.

**3. Paano hinarap ng pangunahing tauhan ang kanyang naging kapalaran?**

**Pagtanggap sa Kapalaran**

Nasambit ng pangunahing tauhan na madamdamin ang kanyang asawa nang dinalaw siya nito. Ngunit sinabi nitong dapat tanggapin ng kanyang asawa ang kanilang kapalaran. Narito ang kanyang pahayag:

> Umiiyak kangina ang waswas ko, pare. Isi ka lang, sabi ko. Ito ang kapalaran natin, e.

Sa pahayag sa itaas, makikita nating tanggap ng pangunahing tauhan ang kanyang naging kapalaran sapagkat alam niyang walang nagtulak sa kanya upang sunugin ang ospital ngunit ginawa niya pa rin ito ayon sa kanyang pansariling kagustuhan. Sinasang-ayunan nito ang naging pahayag ng mga eksistensyalista na ang tao ang siyang limililok ng kanyang kapalaran batay na rin sa kanyang mga magiging pasya. Inilahad rin sa pahayag na may kalayaan ang isang tao sa kung anuman ang nais niyang gawin sa kanyang buhay. Dagdag pa rito, ipinapakita rito ang tinatawag sa Ingles na "*rejection of authority*", ibig sabihin nito walang ibang may kapangyarihang magpasya para sa kanya kundi ang kanyang sarili lamang. Hindi siya maaaring diktahan ng sinuman. Sapagkat ang tao ang siyang lumilikha ng kanyang kapalaran.

**Natuklasan**

Ang kamalayan (*consciousness)* at pagpipilian (*choices*) ay laging magkaugnay, ito ay ayon na rin kay Rolly May. Ito ay nangangahulugang kung malayang magkaroon ng maraming pagpipilian ang isang tao, mas nadaragdagan pa kanyang kamalayan sa kung ano ang kanyang pagkatao. Sa ganitong paraan mas nakikita ng tao ang kanyang kabuluhan.

Sa kwento, inilahad ang kaisipang ibinigay sa unahan. Batid ng pangunahing tauhan na marami siyang pagpipilian ngunit mas pinili niya ang alam niyang mali. Ito ang nagpapatunay sa kanyang pagkatao na hindi niya kayang kontrolin ang kanyang damdamin lalong lalo na sa mga sitwasyong susubok sa kanyang hangganan bilang tao.

**Kongklusyon**

Binibigyang katuturan ng isang tao ang lahat ng bagay. Ang kanyang damdamin, pag-iisip, pananaw, gawi, kaalaman at pag-uugali - lahat ng ito ay may kanya kanyang kahulugan. Nasa tao na kung paano niya ito bibigyang-kabuluhan. Sa parte ng pangunahing tauhan, nabigyan niya ng katuturan ang mga nabanggit. Naipakita niya ang kanyang tunay na nararamdaman. Nailahad niya ang kanyang pananaw sa mundo. Naipahayag niya ang kanyang iniisip sa pamamagitan ng kanyang mga kilos.

Bilang panapos, ayon sa mga eksistensyalista, kinakailangang hanapin ng isang tao ang kanyang kakanyahan/ kabuluhan sa pamamagitan ng paggawa nito ng mga pasya ayon na rin sa pansarili nitong kagustuhan. Ang tao ang siyang gumagawa ng kanyang kapalaran.  Ang tao rin ang may pananagutan sa anuman ang mangyayari sa kanyang buhay.

**Buod**

Ang kwentong ito ay umiikot sa pagsasalaysay ng pangunahing tauhan sa kung ano ang mga nangyari kung bakit siya nakakulong sa isang kulungang ni ang langit ay di niya masilip.

Nagsimula ang kanyang pagsasalaysay sa pamamagitan ng pagkukwento niya sa personal niyang buhay. Nailahad niya na nakatira sila sa labas ng isang subdibisyon kung saan pinayagan lamang silang magtayo ng bahay doon dahil pinsan ng kanyang asawa ang inhenyero ng subdibisyon na iyon. Siya nama'y nagtatrabaho sa ginagawang ospital noon. Ang ospital ring ito ang siyang naging dahilan kung bakit namatay ang kanilang anak. Aniya, nang manganganak na ang kanyang asawa, nagpahatid ito sa isa sa mga nakatira sa subdibisyon na iyon sapagkat hindi na makayanan pa ng kanyang asawa na maglakad papuntang labasan. Inihatid siya sa ospital ngunit pagdating sa ospital ay hindi ito inasikaso ng mga nars at doktor. Nang akma ng lalabas ang bata saka lamang nag-unahan ang mga ito sa pagtulong ngunit huli na ang lahat sapagkat namatay ang bata. Labis niya itong ikinalungkot kaya't humantong ito sa pagsunog niya sa ospital na siyang naging dahilan ng kanyang pagkakakulong. Paminsan-minsan ay dinadalaw siya ng kanyang asawa. Nakaramdam siya ng pagpapabaya at nailahad pa nga niyang kinalimutan na siya ng Diyos.

**Sanggunian**


Bernardo, Karen. Existentialism in Literature*: A Commentary*

Cooper, D., 1999. Existentialism, Oxford: Blackwell.

Feist, J., & Feist G.J. (2009). Theories of Personality (7th ed.). New York, NY: McGraw Hill.

Kaufman, Walter. (1989). *Existentialism from Dostoyevsky to Satre,* ed. Meridian Publishing Company.

Mairet, Philip (1956). Jean-Paul Satre: Existentialism is Humanism (A Lecture). World Publishing Company.

Sartre, J.-P., 2007. Existentialism is a Humanism. Tr. Carol Macomber. New Haven: Yale University Press.